


9

Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 5: Ugnayan ng Pamilyan at Pamahalaan



**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 5: Ugnayan ng Pamilihan at Pamahalaan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Kristine M. Sato

Editor: Serapion P. Cabatingan, Jr., Nelson S. Lasagas

Tagasuri: Ramel P. Cael

Tagaguhit: Jomar Richa

Tagalapat: Pepe M. Tabanao, Jr., Elizalde Piol

Tagapamahala: Ruth I. Fuentes

Pedro Melchor M. Natividad

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Danny A. Cordova

Ma. Diosa Z. Peralta

Ma. Madelene P. Mituda

Alelen Zinnia A. Pancho

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan – Modyul 5:

Ugnayan ng Pamilihan at

Pamahalaan

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

A.) Layunin Pangkalahatan

- Napahahalagahan ang bahaging ginagampanan ng pamahalaan sa regulasyon ng mga gawaing pangkabuhayan.

Tiyak

- Napangangatwiran ang kinakailangang pakikialam at regulasyon ng pamahalaan sa mga gawaing pangkabuhayan sa iba't ibang istraktura ng pamilihan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.




Subukin

Paunang Pagsusulit

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot sa mga tanong at ilagay sa sagutang papel.

- ___ 1. Ano ang tawag sa patakaran ng pagtatakda ng pinakamataas na presyo ng mga produkto?
A. Price ceiling
B. Floor Prices
C. Market Clearing price
D. Price support
- ___ 2. Ito ay paraan ng pamahalaan na bigyan ng tulong ang mga negosyante upang maiwasan ang pagkalugi o mabawasan ang kita.
A. Price Ceiling
B. Price Support
C. Price floor
D. Market Price
- ___ 3. Isang organisadong sistemang pang-ekonomiya kung saan nagtatagpo ang konsuyumer at nagbibili o prodyuser upang magkaroon ng palitan.
A. DOLE
B. Pamilihan
C. Subsidy
D. Surplus
- ___ 4. Isang institusyon na ang pangunahing tungkulin ay paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan.
A. Market
B. Shortage
C. Price Freeze
D. Pamahalaan
- ___ 5. Ang tawag sa patakarang ipinasusunod ng pamahalaan na nagbabawal sa pagtataas ng presyo ng mga produkto sa pamilihan sa panahon ng emergency gaya na lamang ng kalamidad (bagyo, lindol, at iba pa.)
A. Price Freeze
B. Price ceiling
C. Price floor
D. Price stabilization

- ___ 6. Pangunahing tungkulin ng pamahalaan ayon sa Konstitusyon?
- Paglingkuran at pangalagaan ang mga mayayaman
 - Makipag ugnayan sa mga kalapit bansa
 - Paglingkuran at pangalagaan ang kanyang mamamayan
 - Makipagtransaksiyon sa mga kilalang tao lamang
- ___ 7. Lahat tayo ay kinikilala bilang mga konsyumer na may mga pangangailangan subalit hindi lahat ay may kakayahang maging prodyuser o gumawa ng mga produkto o serbisyo na tutugon sa ating mga pangangailangan. Ano ang tawag sa lugar at mekanismo kung saan ang mga konsyumer at prodyuser ay nagtatagpo at nagkakaroon ng palitan sa pamamagitan ng itinakdang presyo ng mga produkto?
- department store
 - pamilihan
 - talipapa
 - tiangge
- ___ 8. Kung ang presyo ng isang pangunahing produkto ay labis na mataas at hindi na makatarungan para sa mga konsyumer dahil sa mapang-abusong gawi ng mga may-ari ng prodyuser, gumagawa ng hakbang ang pamahalaan upang matugunan ito. Nakikialam ang pamahalaan sa pagpepresyo sa pamilihan. Ano ang tawag sa patakaran ng pagtatakda ng pinakamataas na presyo ng mga produkto o serbisyo?
- price ceiling
 - floor prices
 - market clearing price
 - price support
- ___ 9. Malaki ang papel ng pamahalaan upang mapanatili ang katatagan ng presyo sa pamilihan. Alin sa sumusunod ang nagpapaliwanag nito?
- panghuhuli sa illegal vendors na nagkalat sa paligid
 - pagtatakda ng price ceiling at floor price upang magkaroon ng gabay sa presyo ng mga bilingin
 - pagtataguyod ng mga batas sa pangangalaga sa karapatan ng mga konsyumer
 - patuloy na panghihikayat sa mga maliliit na negosyante na palawakin pa ang negosyo
- ___ 10. Ano ang nais ipakita ng tsart sa ibaba para sa konsyumer at prodyuser sa pagtatakda ng price control/price support ng pamahalaan?



Nais ng pamahalaan na:

- kontrolin ang presyo ng mga bilingin sa pamilihan
- maipakita ng pamahalaan ang kanilang pagtupad sa tungkulin
- matamo ang layunin ng ekwilibriyo
- tulongan ang konsyumer at maliit na prodyuser

Aralin

1

Ugnayan ng Pamilihan at Pamahalaan



Balikan

Balikan at pag-aralang mabuti ang nakaraang paksa sa Modyul 4: Ang Pamilihan at mga Estruktura nito, upang labis na maunawaan ang susunod na Gawain sa Modyul 5.



Tuklasin

Gawain 1: WORD HUNT

Hanapin at bilugan ang sumusunod na salita sa kahong nasa ibaba. Ang salita ay maaaring pababa, pahalang, o pabaliktad.

1. DTI
2. DOLE
3. Kakulangan
4. Kalabisan
5. Minimum Wage
6. Pamahalaan
7. Pamilihan
8. Presyo
9. Price Ceiling
10. Price Floor

M	E	A	D	O	L	E	N	P	A	W	P	
S	I	E	A	E		I	O	U	A	X	U	R
U	A	N	R	A	W	D	E	M	L	D	I	
B	P	T		A	E		O	A	P	A	C	
S	O	P	A	M		L		H	A	N	E	
I	L	G			U	A	N	A	B	G		
D	L	X	E	D	A	M	Q	L	E	D	L	
Y	O	I	R	E	N	E	W	A	R	T	O	
O	T	K	U	D	O	R	P	A	N		O	
K	A	L	A	B		S	A	N	G	B	R	
P	R	E	S	Y	O	M	A	R	T	E	B	
S	K	A	K	U	L	A	N	G	A	N	O	
P	R	I	C	E	C	E		L		N	G	

• Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang salita/konsepto na tila bago sa iyo?
2. Sa iyong palagay, sa anong paraan nagkakaroon ng ugnayan ang mga salita/konseptong ito?

- Ilagay ang iyong mga kasagutan sa mga katanungan sa iyong sagutang papel.




Suriin

Panuto: Basahin at intindihing mabuti ang teksto upang mas madaling masagutan ang mga sumusunod na mga katanungan sa GAWAIN 2 at sa iba't ibang mga susunod na Gawain.

- **Price Ceiling** – Ito ay kilala rin sa katawagan bilang maximum price policy o ang pinakamataas na presyo na maaaring ipagbili ng isang prodyuser ang kaniyang produkto. Mahigpit na binabantayan ang mga produkto nakabilang sa mga pangunahing pangangailangan gaya ng bigas, asukal, kape, harina, tinapay, itlog, at maging ang mga instant noodles na minamarkahan ng pamahalaan ng tinatawag na suggested retail price (SRP). Ang patakarang ito ay isang pamamaraan upang mapanatiling abot-kaya para sa mga mamamayan ang presyo ng nasabing produkto lalo na sa panahon ng krisis. Samantala, sa panahong nakararanas o katatapos pa lamang ng kalamidad ng bansa, ang pamahalaan ay mahigpit na nagpapatupad ng price freeze o pagbabawal sa pagtataas ng presyo sa pamilihan. Ipinatutupad ito ng pamahalaan upang mapigilan ang pananamantala ng mga negosyante sa labis na pagpapataw ng mataas na presyo ng kanilang mga produkto. Itinatakda ito kapag ang equilibrium price ay masyadong mataas sa pananaw ng mga konsyumer. Ang price ceiling ay itinatakda na mas mababa sa equilibrium price. Labag sa Anti-Profiteering Law ang labis na pagpapataw ng mataas na presyo. Ito ay ipinatutupad ng pamahalaan sa pangunguna ng Department of Trade and Industry (DTI), bilang pangunahing ahensiya na may tungkulin dito, sa tulong ng mga lokal na pamahalaan (barangay, bayan, o lungsod) upang masigurong ang galaw ng presyo ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan ay naaayon sa batas.


Price Ceiling

- Ang *price ceiling* na mas mataas sa presyong ekwilibrado ay walang epekto sa pamilihan. Hindi malulugi ang mga nagtitinda.



Price Ceiling

- Ang pagtatakda ng **price ceiling** na mas mababa sa presyong ekwilibriyo ang makakaiwas sa pagkalugi ng mga negosyante.



Epekto ng pagkakaroon ng Price Ceiling:

Mabuti:

1. Mababang presyo ng mga bilingin.
2. Kasiguruhan sa mga mamimili.


Di-mabuti:

1. Pagbaba ng Supply
2. Nagiging dahilan ng Kakulangan
3. Nagiging dahilan ng pagkakaroon ng mga ilegal na pamilihan (black market)

• **Price Floor** – Ito ay kilala rin bilang price support at minimum price policy na tumutukoy sa pinakamababang presyo na itinakda ng batas sa mga produkto at serbisyo. Itinatakda ito ng mas mataas sa equilibrium price. Katulad ng price ceiling, isinasagawa ito ng pamahalaan upang matulungan ang mga prodyuser. Kabilang sa sistemang ito ang pagkakaloob ng tinatawag na price support sa sektor ng agrikultura at ang batas naman na nauukol sa pagtatakda ng minimum wage. Halimbawa, kung masyadong magiging mababa ang equilibrium price ng mga produktong palay sa pamilihan, ang mga magsasaka ay maaaring mawalan ng interes na magtanim dahil maliit naman ang kanilang kikitain mula rito. Kung magaganap ang sitwasyong ito, magdudulot ito ng kakulangan sa supply. Hindi makabubuti sa ekonomiya ang kalagayang ito kung kaya ang pamahalaan ay magtatakda ng price support/price floor o ang pinakamababang presyo kung saan maaaring bilhin ang kanilang ani.


Price Floor

- Ang pagtatakda ng **Price Floor** na mas mataas sa presyong ekwilibriyo ay magdudulot ng mataas na presyo ng mga kalakal.




Price Floor

- Ang pagtatakda ng **Price Floor** na mas mababa sa presyong ekwilibriyo ay walang epekto sa presyo ng mga kalakal.



Buod



Epekto ng pagkakaroon ng **Price Floor**

Mabuti:

1. Mas mataas na sahod sa mga manggagawa
2. Mas malaking tubo sa mga nagtitinda


Di-mabuti:

1. Mas mataas na presyo ng bilihin
2. Maaring maging dahilan ng kalabisan ng kalakal
3. Mas mababang demand ng mga bilihin

- **Suggested Retail Price (SRP)** – Presyong itinakda ng pamahalaan para sa isang kalakal. Mahigpit na binabantayan ang mga produkto nakabilang sa mga pangunahing pangangailangan gaya ng bigas, asukal, kape, harina, tinapay, itlog, at instant noodles. Ang patakarang ito ay isang pamamaraan upang mapanatiling abot-kaya para sa mga mamamayan ang presyo ng nasabing produkto.

- **Price Freeze** - Pagbabawal sa pagtataas ng presyo sa pamilihan. Ipinatutupad ito ng pamahalaan upang mapigilan ang pananamantala ng mga negosyante sa labis na pagpapataw ng mataas na presyo ng kanilang mga produkto. Labag sa Anti-Profiteering Law ang labis na pagpapataw ng mataas na presyo.

- **Price Support** - Ito ay paraan ng pamahalaan na bigyan ng tulong ang mga negosyante upang maiwasan ang pagkalugi o mabawasan ang kita. Kabilang dito ang mga subsidy, tax exemption o tax deduction, discount at bonus. Layunin nito na mapanatili ang mababang halaga ng produksyon upang maiwasan ang pagtaas ng presyo ng bilihin.



Pagyamanin

Gawain 2: ONCE UPON A TIME!

Basahin ang sitwasyong nasa loob ng kahon at buuin ang maaaring kahinatnan nito batay sa iyong sariling pagkaunawa. Isulat ang iyong kasagutan gamit ang dialogue box.

Matagal nang magsasaka si Mang Francisco. Isang araw ay nabalitaan niyang ang presyo ng kaniyang produktong palay ay binibili lamang sa murang halaga. Ang presyo ay hindi kayang mabawi kahit puhunan niya sa binhi at fertilizer. Ano kaya ang maaaring mangyari kay Mang Francisco?

Maaaring _____

Ang Gitnang Luzon ay sinalanta ng bagyo. Maraming palayan ang nasira. Ano kaya ang maaaring ibunga nito?

Maaaring _____

Dahil sa katatapos pa lamang na bagyo nabalitaan ng pamahalaan na maraming mga negosyante ang nanamantala sa pamamagitan ng pagtataas ng presyo. Ano kaya ang maaaring gawin ng pamahalaan?

Maaaring _____

- Pamprosesong mga tanong

3. Paano ka nakabuo ng maaaring kahinatnan ng pangyayari?

4. Alin sa mga sitwasyon ang nahirapan kang bumuo ng maaaring kahinatnan? Bakit?

- Dito ilagay ang iyong kasagutan sa mga katanungan.





Isaisip

Gawain 3: PATH OF KNOWLEDGE

Ang gawaing ito ay naglalayong matutukan ang baitang ng iyong kaunlaran sa pagkatuto. Sa bahaging ito ay sasagutin mo ang katanungang nasa kahon. Isulat mo sa bahaging SIMULA ang iyong inisyal na kasagutan. Samantalang ang bahagi ng GITNA at WAKAS ay sasagutan mo lamang sa iba pang bahagi ng iyong paglalakbay sa araling ito. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

Pinagkunan:


<http://www.westsideelementaryschool.com/Kindergarten%20Journey%20Throu%20Rea>



Isagawa

Gawain 4: TEKS-TO-INFORM – DISCUSSION WEB CHART


- Sagutin ang discussion web chart at mga pamprosesong tanong na nasa ibabang batay sa tekstong iyong nabasa.
- Pamprosesong mga tanong
 1. Bakit mahalaga ang pamahalaan sa isang bansa?
 2. Paano nagkakaroon ng bahagi ang pamahalaan sa pamilihan?



Gawain 5: VENN DIAGRAM

Mula sa tekstong iyong nabasa, punan ng mahahalagang impormasyon ang Venn Diagram gamit ang mga pamprosesong tanong upang maipakita ang pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng price ceiling at price floor.


- Pamprosesong tanong:
 1. Ano ang pagkakatulad ng dalawang konsepto?
 2. Paano naman sila nagkakaiba?
 3. Paano ito nakatutulong sa mga konsyumer o prodyuser?



Gawain 6: POSTER – MAKING TAYO!

Mula sa tekstong iyong nabasa, gumawa ng isang poster na naglalayong magpakita ng kahalagahan ng ugnayan ng pamahalaan at pamilihan, ito ay maaaring gawin sa isang malaking cardboard o kartolina. Maaaring gawing basehan ang rubrik sa ibaba para saiyong final output.

PAMANTAYAN	DISKRIPSYON	PUNTOS
KAWASTUHAN	Ang poster ay tumutugma sa paglalarawan at konsepto sa ibinigay na paksa.	10
NILALAMAN	Wasto at makatutuhanan. May pinagbatayang artikulo, pag-aaral, at pagsasaliksik sa mga ipinapakitang kaisipan sa poster	10
PAGKAMALIKHAIN	May sariling istilo sa paggawa ng poster. Gumamit ng mga angkop na estratihiya o teknik upang maging kaaya-aya ang pinal na gawa.	10




Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang mga numero at ilagay sa sagutang papel.

1. Ang mga sumusunod ang di-mabuting epekto ng Price Ceiling, maliban sa isa, alin sa mga sumusunod?
 - A. mababang presyo
 - B. dahilan ng pagkakaroon ng black market
 - C. nagiging dahilan ng kakulangan
 - D. mababang supply
2. Ito ay paraan ng pamahalaan na bawalan ang pagtataas ng presyo sa pamilihan.
 - A. price ceiling
 - B. price freeze
 - C. price floor
 - D. market price
3. Ito ay paraan ng pamahalaan na bigyan ng tulong ang mga negosyante upang maiwasan ang tuluyang pagkalugi at mabawasan ang kanilang kita.
 - A. black market
 - B. price Support
 - C. Income Tax Return
 - D. Surplus

- ____ 4. Ito ay ipinapatupad upang mapanatiling abot kaya para sa mga mamamayan ang presyo ng nasabing produkto.
- | | |
|------------------|---------------------------|
| A. market price | C. price freeze |
| B. price ceiling | D. Suggested Retail Price |
- ____ 5. Pangunahing tungkulin ng pamahalaan ayon sa Konstitusyon?
- Paglingkuran at pangalagaan ang kanyang mamamayan
 - Makipag ugnayan sa mga kalapit bansa
 - Paglingkuran at pangalagaan ang mga mayayaman
 - Makipagtransaksiyon sa mga kilalang tao lamang
- ____ 6. Alin sa sumusunod na epekto ang di Mabuti sa pagkakaroon ng Price Floor?
- | | |
|----------------------------------|------------------------------------|
| A. mataas na sahod ng manggagawa | C. mas mataas na presyo ng bilihin |
| B. malaking tubo sa nagtitinda | D. mas mataas na demand ng bilihin |
- ____ 7. Kung ang presyo ng isang pangunahing produkto ay labis na mataas at hindi na makatarungan para sa mga konsyumer dahil sa mapang-abusong gawi ng mga may-ari ng prodyuser, gumagawa ng hakbang ang pamahalaan upang matugunan ito. Nakikialam ang pamahalaan sa pagpepresyo sa pamilihan. Ano ang tawag sa patakaran ng pagtatakda ng pinakamataas na presyo ng mga produkto o serbisyo?
- | | |
|------------------|--------------------------|
| A. floor prices | C. market clearing price |
| B. price ceiling | D. price support |
- ____ 8. Malaki ang papel ng pamahalaan upang mapanatili ang katatagan ng presyo sa pamilihan. Alin sa sumusunod ang nagpapaliwanag nito?
- pagtatakda ng price ceiling at floor price upang magkaroon ng gabay sa presyo ng mga bilihin
 - panghuhuli sa illegal vendors na nagkalat sa paligid
 - pagtataguyod ng mga batas sa pangangalaga sa karapatan ng mga konsyumer
 - patuloy na panghihikayat sa mga maliliit na negosyante na palawakin pa ang negosyo
- ____ 9 . Ito ay mga uri ng Price Support na ibinibigay ng pamahalaan, maliban sa isa.
- | | |
|-------------|------------------|
| A. Subsidy | C. Tax exemption |
| B. Interest | D. Tax Deduction |
- ____ 10. Tumutukoy sa pinakamababang presyo na itinakda ng batas sa mga produkto at serbisyo at mas kilala rin bilang Price Support.
- | | |
|------------------|----------------|
| A. Price Ceiling | C. Equilibrium |
| B. Price Floor | D. SRP |



Karagdagang Gawain

Basahin ang balitang nasa ibaba at sagutin ang mga katanungan pagkatapos.

Price Freeze, Ipinatupad sa Calamity Areas

Iniutos ng Department of Trade and Industry (DTI) ang 60-day price freeze sa mga lugar na idineklarang nasa state of calamity. Sa isang pahayag na ipinaskil sa official website nito, sinabi ng DTI na dahil sa pinsalang idinulot ng bagyong “Glenda” ay hindi maaaring magtaas ang retailers ng presyo ng agricultural at non-agricultural necessities. Kabilang sa agricultural necessities ang bigas, mais, cooking oil, isda, itlog, baboy, manok, karne, sariwang gatas, gulay, prutas, root crops at asukal. Itinuturing namang non-agricultural necessities ang canned marine products, evaporated/condensed/powdered milk, kape, sabong, panlaba, noodles, tinapay, asin, kandila at bottled water. Samantala, naka-freeze din ang presyo ng Liquefied Petroleum Gas (LPG) at kerosene sa loob ng 15 araw. Ang mga lalabag ay pagmumultahin ng Php5,000 hanggang Php1,000,000 at/o pagkakakulong ng isa hanggang sampung taon. — Mary Rose A. Hogaza


Pinagkunan:<http://asia.widmi.com/index.php/philippines/balita-online/news/211065-price-freeze-ipinatupad-sacalamity-areas> Retrieved on: November 24, 2014

Gawain 6: ULAT -PATROL

Batay sa balita na iyong nabasa, punan ang mahahalagang konsepto ang tri-radial cycle chart na nasa ibaba at sagutin ang pamprosesong tanong sa iyong sagutang papel.

- Pamprosesong mga tanong
 1. Patungkol saan ang balita?
 2. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit ipinatupad ang price freeze?
 3. Makatwiran ba ang isinasaad ng balita? Bakit?
 4. Maglista ng mga pahayag mula sa balita na siyang nagpapakita ng kapangyarihan ng pamahalaan.
 5. Bilang isang konsyumer, paano nakatulong sa iyo ang balita?





Susi sa Pagwawasto

Subukin	<p>1. A 2. B 3. B 4. D 5. A</p> <p>6. C 7. B 8. A 9. B 10. B</p>
----------------	--

Suriin	<p>Gawain 2: Once Upon a Time Dialogue Box: (mga posibleng kasagutan)</p> <p>1. Maaring malugi si Mang Francisco kapag ibebenta niya sa mas murang halaga ang kanyang ani. 2. Maaring magkaroon tayo ng kakulangan sa suplay ng bigas sa buong bansa. 3. Maaring magbigay ang pamahalaan ng babala sa mga negosyante na sila ay mapaparusahan kung sila ay lalabag sa nakatakdang SRF o suggested retail price na ibimibigay at regulado ng pamahalaan.</p> <p>Pamprosesong Tanong (mga posibleng kasagutan)</p> <p>1. Ang aking naging basehan ay ang mga totoong nakikita ko sa aking paligid at nababalitaan sa radyo at telebisyon at maging sa mga totoong nararanasan ng aking mga kapitbahay at ka baryong mga magsasaka. 2. Sa ikatlong sitwasyon, sapagkat, naging normal na sa atin ang mga mapagsamantalang mga negosyante, lalo na't hindi agad nabibigyan ng aksyon ng pamahalaan ang kanilang mga hindi magandang gawain.</p> <p>Pagyaanin: Gawain 3: Path of Knowledge</p> <p>Simula: (posibleng kasagutan) Ang pamilihan ay may ugnayan sapagkat sila ay magkaakibat sa anumang gawain pangkabuhayan</p> <p>Gitna: (posibleng kasagutan) Ang pamilihan ay may direktang ugnayan sapagkat hindi magiging ganap na magtagumpay ang pamilihan kung walang regulasyon ng pamahalaan. Wakas: (posibleng kasagutan) Ang pamilihan at pamahalaan ay may direktang ugnayan sapagkat kinakailangan may pakialam ang pamahalaan sa regulasyon at kontrol sa mga gawain pangkabuhayan sa iba't ibang istruktura ng pamilihan at upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.</p> <p>Isgawa Gawain 4: TEKS-TO-INFORM – Discussion Web Chart</p> <p>Posibleng sagot: Oo, sapagkat ang pamahalaan ang nagsisilbing gabay sa iba't ibang istruktura ng pamilihan, ito rin ang may pinakamalawak na bahaging ginagampanan sa regulasyon ng mga gawain pangkabuhayan o ng ekonomiya sa pangkalahatan.</p> <p>Pamprosesong tanong (mga posibleng kasagutan)</p> <p>1. Mahalaga ang pamahalaan sa isang bansa sapagkat ito ay nagsisilbing sentro ng buhay ng ekonomiya ng isang bansa, kung walang pamahalaan, walang nagpapatupad sa lahat ng kalakaran ng isang bansa at ekonomiya. 2. Nagkakaroon ng bahagi ang pamahalaan sa pamilihan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga regulasyon na naglalayong itaguyod ang mabuting kapakanan ng mga negosyante at maging ang mga mamimili.</p>
---------------	--

Gawain 5: Venn Diagram

Pamprosesong Tanong (posibleng kasagutan)

1. Pagkakatulad: Price Ceiling at Price Floor

2. Pagkakaiba: Price Ceiling at Price Floor

Sagot: ang pagkakatulad ng dalawang konsepto ay parehong nanggagaling sa pamahalaan ang regulasyon at ang pagpapatupad

Sagot: ang Price floor ay nakatunon ang pamahalaan sa pagtulon sa mga prodyuser at manggagawa sa produksiyon at ang Price ceiling naman ay nakatunon ang pamahalaan sa angkop at tamang regulasyon ng presyo upang matulungan at maprotektahan ang mga mamimili

3. Ito ay parehong naglalayong makapagbigay ng angkop na kasiguruhan at kapakanan ng mga mamimili at prodyuser.

Tayahin

- 1. A
- 2. B
- 3. B
- 4. D
- 5. A
- 6. C
- 7. B
- 8. A
- 9. B
- 10. B

Karagdagang Gawain:

Gawain 6: Ulat Patrol

Tri-RADIAL CYCLE CHART – PRIZE FREEZE

A. Kabuluagan/Layunin ng pagpapatupad – upang mapanatili ang nakatatandang SRP ng mga bilihin lalo na sa panahon ng kalamidad.

B. Mga kaukulang parusa sa paglabag – multa ng P5,000.00 hanggang P1,000,000.00 at/o pagkakatulong ng isa hanggang sampung taon

C. Mga uri ng produktong kabiliang sa Prize Freeze – agricultural (katulad ng bigas, mais, cooking oil, isda, itlog, baboy, manok, karne, prutas, gulay, asukal, at root crops) at non-agricultural necessities (katulad ng canned goods, gatas, kape, sabon, noodles, tinapay, asin, kandila, bottled water at iba pa.)

Pamprosesong Tanong (mga posibleng kasagutan)

1. Ang balita ay nakatunon sa ipinag-utos ng DTI na Price Freeze sa appektado ng kalamidad.

2. Ang pangunahing dahilan ng pagpapatupad ng Price ay upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamimili lalo na sa panahon ng mga kalamidad.

3. Oo, sapagkat ang ipinag-utos ng DTI ay nararapat lamang lalo na sa panahon ng sakuna na kung saan mas lalong kailangan ng mga mamimili ang tulong at hindi pananamantala ng mga mapanlinlang na negosyante.

4. Una ay ang agarang pagpapatupad ng DTI ng 60-day price freeze, pangalawa ay ang pag-utos ng DTI na hindi maaring magtaas ng presyo ang mga retailers sa mga agricultural at non-agricultural necessities.

5. Bilang isang konsyumer, nakatulong sa akon ang balita sa pamamagitan ng hindi pagpapatupad at nakatulong s akin na maging kampanante sapagkat hindi magtataasan ang mga presyo ng mga pangunahing bilihin sa gitna ng sakuna at bagyo.

Sanggunian

1. Aklat

Balitao, Bernard R., Busing, Martiniano D., Garcia, Edward DJ., De Guzman, Apollo D., Lumibao, Juanito Jr. L., Mateo, Alex P., Mondejar, Irene J., EKONOMIKS 10 Araling Panlipunan – Modyul para sa Mag-aaral Unang Edisyon 2015, pahina196-218

2. Internet/Online

* Slideshare.net (https://www.slideshare.net/sirarnelPHhistory/aralin-13-pamilihan-at-pamahalaan?qid=e041c249-8b55-4f12-97b4-e1c23130b189&v=&b=&from_search=3)

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph